ANG KARUNUNGANG PATUNGKOL SA PAG-KAKAIBA

Sa pamumuhay sa lipunan, makikita natin ang pagkaka-iba ng bawat tao. Sa ating araw-araw na pakikihalu-bilo ay matatagpuan natin ang iba't-ibang lahi, linggwahe, relihiyon at katayuan ng lipunan. Sa halip na gawin nating basehan ang pagkakaiba natin para di magkasundo at magkahiwalay-hiwalay, nararapat nating tanggapin sila at tingnan sila bilang pagpapakilala ng karunungan at kapangyarihan ng Allah.

(At kabilang sa palatandaan ng Kanyang kakayahan bilang Tagapaglikha: paglikha ng mga kalangitan at pag-aangat nito na walang haligi at paglikha ng kalupaan kasama ang lawak at haba nito, at pag-iba-iba ng inyong mga wika at ng inyong mga kulay. Katiyakan, sa mga ganitong bagay ay walang pag-aalinlangang nakapagbibigay ng aral sa sinumang may kaalaman at pagkakaintindi.) –Rum:22

Ang taong may makadiyos ay hindi nagdaramdam ng masama sa kanyang kapwa. Sila ay sigurado sa kanilang pananampalataya at sila ay nagpupursige para mapalawak ang kanilang pagiging mapagbigay sa lahat bilang pagpapakita ng pasasalamat sa tagapaglikha.

Payo

Sundin ang batas ng kalupaan at pakatandaan na ikaw ay kinatawan ng islam.

Maging marangal at alamin na ang pagkakaroon ng respeto sa sarili ay parte ng pagkakaroon ng mabuting pag-uugali. Huwag maki-ambag sa mga walang kabuluhang argumento o debate.

Magbigay malay sa mga problema ng lipunan at ekonomiya sa iyong paligid at maging magandang lakas tungo sa pagbabago.